Multilingual na Impormasyon Nobyembre 2026

Tema: **" Mga panuntunan sa pagsakay at paghinto ng bisikleta "** **Tagalog**

1. Laging magbisikleta sa kaliwang bahagi ng kalsada.
Kung may hiwalay na daanan para sa mga sasakyan at bangketa, ang bisikleta ay dapat dumaan sa kalsada at manatili sa kaliwang bahagi. Gayunpaman, maaaring dumaan sa bangketa ang bisikleta sa mga sumusunod na sitwasyon:

Pinapayagan ang mga karaniwang bisikleta na dumaan sa bangketa



・Kapag may karatulang nagsasabing pinapayagan ang bisikleta sa bangketa.
・Kapag ang nagbibisikleta ay batang wala pang 13 taong gulang, taong 70 taong gulang pataas, o taong may kapansanan.
・Kapag may ginagawang kalsada o may iba pang hadlang kaya hindi ligtas o mahirap dumaan sa kalsada.
Ang mga naglalakad ang laging may prayoridad sa bangketa. Kung magbibisikleta sa bangketa, manatili sa bahaging malapit sa kalsada at magpatakbo sa bilis na kaya mong huminto kaagad. Kung makahaharang sa mga naglalakad, huminto muna at bigyan sila ng daan.

Stop (Huminto)



2. Kapag may karatulang "Huminto" (一時停止) sa interseksyon, huminto muna nang lubusan at tingnan ang kanan at kaliwa bago magpatuloy.
Kung may traffic light, sundin ang ilaw-trapiko.

3. Buksan ang ilaw ng bisikleta kapag gabi.
Ang ilaw ay hindi lamang tumutulong upang mas malinaw mong makita ang daan, kundi ginagawa ka ring mas madaling makita ng ibang tao sa kalsada. Nakakatulong ito upang maiwasan ang aksidente.

4. Pinagbabawal ang paggamit ng bisikleta kung nakainom ng alak.

5. Gumamit ng helmet kung mgbibisikleta para maprotektahan ang ulo sa hindi inaasahang aksidente.



Paalala
Mahigpit na pinagbabawal ang paggamit ng smartphone o anumang gajets habang ngbibisikleta at nakainom nan ng alak o hindi at iwasan ang isang kamay lamang ang gamit at kung maaaring mag ingat s paggamit ng payong at kung halimbawang may napansing aksidente agarang huminto at unahing tumawag ng ambulansya at kasunod ay pulisya.

■Karagdagang impormasyon tungkol sa mga patakaran sa trapiko (Maraming Wika)
Tokyo Metropolitan Police Department (Keishicho)
https://www.keishicho.metro.tokyo.lg.jp/multilingual/index.html

Paunawa

Mag-ingat po sa mga email o mensahe sa SNS na nagpapanggap bilang “staff” o “tagapayo.”

Ang mga staff o tagapayo ng International Exchange Corner ay hindi kailanman hihingi ng pera sa pamamagitan ng email o SNS.

Mangyaring mag-ingat at huwag maniwala sa mga ganitong mensahe.